

Epektibilidad ng Pagtuturo na Nakabatay sa Pagkakaiba-Iba sa Pagganap ng mga Mag-aaral sa Filipino sa Baitang 10

CHANDER P. CHING

Teacher III

Western Leyte College

Master of Arts in Education

Major in Filipino

chander.ching@deped.gov.ph

Abstract Ang pag-aaral na ito ay sinuri ang epektibilidad ng pagtuturo na nakabatay sa pagkakaiba-iba sa pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino sa Baitang 10 sa Alangalang National High School sa Dibisyon ng Leyte. Ang mga resulta ng pag-aaral ay naging batayan para sa isang plano ng pagpapabuti. Para sa pag-aaral na "Epektibilidad ng Pagtuturo na Nakabatay sa Pagkakaiba-iba sa Pagganap ng mga Mag-aaral sa Filipino sa Baitang 10," ang pinakamainam na disenyo ng pananaliksik ay isang true-experimental design. Ang disenyo na ito ay naging angkop dahil nagbigay ito ng pagkakataon na ihambing ang mga mag-aaral na gumamit ng mga kontekstwal na pamamaraan ng pagtuturo laban sa mga mag-aaral na sumunod sa tradisyonal na mga estratehiya sa pagtuturo. Sa disenyo ng true-experimental, pinili ang dalawang grupo ng mga mag-aaral mula sa parehong paaralan. Isang grupo ang gumamit ng mga kontekstwal na materyales sa kanilang pag-aaral, habang ang isa naman ay nanatili sa karaniwang paraan ng pagtuturo. Sa pamamagitan nito, nakita ng mga mananaliksik kung paano nakakaapekto ang mga kontekstwal na pamamaraan sa pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino. Ang ganitong disenyo ay nagbigay-daan din upang masuri ang mga pagbabago sa antas ng pag-unawa at interes ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Ang pagsusuri sa pagkakaiba ng mga post-test scores ng mga mag-aaral mula sa control group at experimental group sa Filipino. Layunin ng pagsusuri na ito na alamin kung may makabuluhang pagbabago sa mga marka ng mga mag-aaral matapos gamitin ang mga estratehiya sa kontekstuwal na pagkatuto sa experimental group, at kung ang mga mag-aaral sa control group na sumusunod sa tradisyonal na paraan ng pagtuturo ay nakaranas ng katulad na pagbabago sa kanilang mga marka. Ang pagsusuri ay isinagawa gamit ang t-value upang matukoy ang epekto ng kontekstuwal na pagkatuto, at ipinakita nito na may makabuluhang pagkakaiba sa mga post-test scores ng dalawang grupo. Sa pagsusuri ng mga resulta, ang mga mag-aaral sa experimental group na gumamit ng mga kontekstuwalisadong estratehiya sa pagtuturo ay nagpakita ng mataas na pagpapabuti sa kanilang pagganap, na may mataas na pagtaas sa kanilang mga marka. Samantalang ang mga mag-aaral sa control group, na gumamit ng tradisyonal na paraan ng pagtuturo, ay nagkaroon din ng kaunting pagtaas ngunit hindi kasing taas ng mga mag-aaral sa experimental group. Ang mga resultang ito ay nagpapahiwatig na ang paggamit ng mga kontekstuwal na pamamaraan sa pagtuturo ay may positibong epekto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral, partikular sa pagpapalawak ng kanilang kasanayan sa Filipino. Ang kontekstwal na estratehiya ay nakakatulong upang maging mas interesado at aktibo ang mga mag-aaral, na nagreresulta sa mas mataas na pag-unawa at aplikasyon ng mga konsepto sa Filipino.

Keywords — Epektibilidad

Pagkakaiba sa Pagganap

Filipino

Baitang 10

I. PANIMULA

Ang mga estratehiyang nakabatay sa pagkakaiba-iba ay nagpapakita ng mas mahusay na pagganap ng mga mag-aaral sa pagtuturo sa Filipino. Ang mga inobatibong pamamaraan ay nagbibigay-daan sa mga guro na baguhin ang kanilang mga leksyon upang matugunan ang mga pangangailangan ng bawat mag-aaral. Halimbawa, ang paggamit ng iba't ibang uri

ng mga materyales sa pagtuturo, mula sa visual hanggang sa kinesthetic, at kontekstwalisadong pagtuturo ay nakatutulong sa mga mag-aaral na mas maunawaan ang mga aralin sa paraang naaangkop sa kanilang mga personal na karanasan. Ang layunin ng pag-aaral na ito ay matukoy ang mga taktikang ito at kung paano ito nakakaapekto sa kanilang pagganap sa akademiko.

Ang isa sa mga pangunahing batayan ng pag-aaral na ito ay ang paggamit ng mga diskarte sa pagtuturo na nakabatay sa kontekstwal. Ang layunin ng ganitong diskarte ay ipakita sa mga mag-aaral kung paano nauugnay ang mga aralin sa mga pangyayari sa kanilang araw-araw na buhay. Sa pamamagitan ng pagsasama ng kasaysayan, kultura, at lokal na karanasan sa mga leksyon, nagiging mas makahulugan ang pag-aaral para sa mga estudyante. Ang mga materyales at aktibidad na nakabatay sa kanilang konteksto ay nagpapadali sa kanilang pag-unawa at nagpapahintulot sa kanila na maging mas aktibo sa pag-aaral. Sa ganitong paraan, hindi lamang nila natututuhan ang mga ideya, ngunit naisasabuhay din nila ang mga ito.

Ang layunin ng pag-aaral na ito ay suriin ang epekto ng pagtuturo na nakabatay sa pagkakaiba-iba ng mga mag-aaral sa Filipino sa Baitang 10. Ang pagkilala at pagtanggap sa pagkakaiba-iba ng mga estudyante sa kasalukuyang panahon ay mahalaga, hindi lamang sa mga tuntunin ng mga kasanayan at kakayahan ng mga mag-aaral kundi pati na rin sa kultura at mga karanasan ng mga mag-aaral. Ang pagkakaroon ng iba't ibang paraan ng pagtuturo ay nagdudulot ng mga hamon para sa mga guro, ngunit nagbibigay din ito ng pagkakataong mapabuti ang kalidad ng edukasyon. Ang layunin ng pag-aaral na ito ay ipakita kung paano nakakatulong ang mga pamamaraan na nakabatay sa pagkakaiba-iba sa pagpapabuti ng mga kasanayan sa pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.

Isa sa mga suliranin na kinakaharap ng guro sa pagtuturo ay ang pagkakaiba-iba ng kakayahan ng mga mag-aaral na matuto sa paksa ng asignatura. Ito ay dahil na rin sa hindi pantay-pantay ang antas o kaalaman ng mag-aaral dahil sa indibidwal na pagkakaiba nito. Isa pang hamon ay ang kahandaan ng mga guro na mag-adjust sa kung anong klase mayroon ka at sa pag-adapt sa iba't ibang uri ng pag-aaral at pangangailangan ng kanilang mag-aaral.

Ang kakulangan din ng mga resources o kagamitan sa asignaturang Filipino at training at seminars ay maaring naging hadlang sa epektibidad na pagtuturo sa pagkakaiba-iba sa pagganap.

Sa wakas, hindi lamang makikinabang ang mga mag-aaral kundi pati na rin ang mga guro at ang sistema ng edukasyon sa kabuuan mula sa pag-aaral na ito. Maaasahan na ang mga guro ay magiging mas epektibo sa kanilang trabaho sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga mungkahi at pagpapabuti sa mga diskarte sa pagtuturo. Ang pag-aaral na ito ay maaaring magsilbing gabay para sa mga susunod na pag-aaral at mga proyekto na naglalayong pahasayin ang kalidad ng edukasyon sa Filipino, na naglalayong makamit ang mas mataas na antas ng kaalaman at kasanayan para sa mga mag-aaral.

Ang pag-aaral na ito ay sinuri ang epektibidad ng pagtuturo na nakabatay sa pagkakaiba-iba sa pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino sa Baitang 10 sa Alangalang National High School sa Dibisyon ng Leyte. Ang mga resulta ng pag-aaral ay naging batayan para sa isang plano ng pagpapabuti.

Partikular, ito ay naglayong sagutin ang mga sumusunod na tanong:

1. Ano ang pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 10 sa Filipino sa pre-test bago ang pagtuturo na nakabatay sa pagkakaiba-iba sa pagganap ayon sa mga batay sa mga sumusunod na grupo:
 - 1.1 Control Group; at
 - 1.2 Expeirmental Group
2. Ano ang pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 10 sa Filipino sa post-test matapos ang pagtuturo na nakabatay sa pagkakaiba-iba sa pagganap ayon sa mga nakasaad na mga grupo?

3. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 10 sa Filipino sa pre-test at post-test bago at pagkatapos ng pagtuturo na nakabatay sa pagkakaiba-iba sa pagganap ayon sa mga nakasaad na grupo?
4. Anong plano ng pagpapabuti ang maaring imungkahi batay sa mga natuklasan ng pag-aaral?

Walang Hipotesis:

HO: Walang makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 10 sa Filipino sa pre-test at post-test bago at pagkatapos ng pagtuturo na nakabatay sa pagkakaiba-iba sa pagganap ayon sa mga nakasaad na grupo.

II. METODOLOHIYA

Design. Para sa pag-aaral na "Epektibidad ng Pagtuturo na Nakabatay sa Pagkakaiba-iba sa Pagganap ng mga Mag-aaral sa Filipino sa Baitang 10," ang pinakamainam na disenyo ng pananaliksik ay isang true-experimental design. Ang disenyo na ito ay naging angkop dahil nagbigay ito ng pagkakataon na ihambing ang mga mag-aaral na gumamit ng mga kontekstwal na pamamaraan ng pagtuturo laban sa mga mag-aaral na sumunod sa tradisyonal na mga estratehiya sa pagtuturo. Sa disenyo ng true-experimental, pinili ang dalawang grupo ng mga mag-aaral mula sa parehong paaralan. Isang grupo ang gumamit ng mga kontekstwal na materyales sa kanilang pag-aaral, habang ang isa naman ay nanatili sa karaniwang paraan ng pagtuturo. Sa pamamagitan nito, nakita ng mananaliksik kung paano nakakaapekto ang mga kontekstwal na pamamaraan sa pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino. Ang ganitong disenyo ay nagbigay-daan din upang masuri ang mga pagbabago sa antas ng pag-unawa at interes ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Mahalaga rin ang paggamit ng pre-test at post-test sa disenyo na ito. Sa pamamagitan ng pagsusuri bago at pagkatapos ng interbensyon, nakita ang mga pagbabago sa pagganap ng mga mag-aaral, na nagbigay ng mas malinaw na larawan kung gaano epektibo ang kontekstwal na pagtuturo. Ang mga resulta ng pag-aaral na ito ay hindi lamang nakatulong sa mga guro upang mapabuti ang kanilang mga estratehiya sa pagtuturo, kundi pati na rin sa pagbuo ng mas epektibong mga kurikulum sa Filipino para sa Baitang 10. Ang pag-aaral ay isinasagawa sa Mataas na Paaralang Pambansa ng Alangalang na isang institusyon pang-edukasyon na naghuhubog sa buhay ng mga mag-aaral sa sekondarya. Ito ay nagbibigay ng kasanayan at kakayahan na magagamit upang maging isang produktibong miyembro ng komunidad at maging responsableng mamamayang Pilipino. Ang mga respondent ng pag-aaral ay ang mga mag-aaral ng Baitang 10 ng nabanggit na paaralan. Ginamit ng mananaliksik ang mga pagsusulit sa Filipino 10 na batay sa iba't ibang kakayahang pang-edukasyon sa ikalawang markahan, lalo na ang mga regular na pagsusulit upang suriin ang pagganap. Ang mga materyales na inisyatiba ng guro ng mananaliksik upang makatulong sa pagpapatupad ng iba't ibang kakayahang pang-edukasyon sa asignaturang Filipino ay naging isa pang mapagkukunan na ginamit. Ang mga resulta ng pag-aaral ay naging batayan para sa isang plano ng pagpapabuti.

pagpili ng sampol. Ang mga respondent ng pag-aaral ay ang mga mag-aaral ng Baitang 10 ng nabanggit na paaralan. Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay kinikilala at ang pangunahing paraan ng pag-abot sa kanila ay sa aktwal na pagsasagawa ng pag-aaral pati na rin sa pagkuha ng mga datos sa paaralan kung saan isinagawa ang pag-aaral.

Mga Pamamaraan sa Pananaliksik. Humingi ang mananaliksik ng permiso mula sa opisina ng Schools Division Office na pinamumunuan ng School Division Superintendent na si Dr. Marisa S. Magan, Ph.D., CESO V sa pamamagitan ng isang Transmittal Letter. Ang parehong nilalaman ng liham ay ibinigay sa Public-School District Supervisor, Punong Guro, at sa mga guro na may pangangalaga sa mga respondente.

Ginamit ang mga kagamitang pang-pananaliksik tulad ng mga test questionnaires na batay sa mga pinakamahalagang kasanayang pang-edukasyon sa Filipino 10 na nakatuon sa ikalawang markahan. Ipinamahagi ito ng mananaliksik upang matukoy ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 10 na nakabatay sa pagkilala sa salita at pang-unawa, na may kaugnayan din sa kanilang kaalaman sa mga aralin. Matapos ang integrasyon ng nabanggit na interbensyon na tumagal ng isang buwan, isinagawa ang post-test upang suriin kung tumaas o hindi ang pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 10.

Ang mga datos ay kinolekta at isinubmit sa naaangkop na estadistikang pagsusuri.

Mga Isyu ng Etika. Ang karapatang magsagawa ng pag-aaral ay mahigpit na sinunod sa pamamagitan ng pag-apruba ng punong-guro at ang pag-apruba ng Superintendente ng Dibisyon. Ang oryentasyon ng mga kalahok, kabilang ang punong-guro ng paaralan, mga guro, at mga magulang, ay isinagawa.

Pamamaraan ng Istatiska. Ang mga sumusunod na estadistikang pormula ay gagamitin sa pag-aaral na ito:

Ang mga quantitative na tugon ay bibilangin at ilalagay sa talahanayan. Ang mga datos ay susuriin sa estadistikal na paraan gamit ang mga sumusunod na kasangkapan:

Weighted Mean. Ito ay ginagamit upang suriin ang pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 10 sa Filipino.

T-Test For Mean Difference- Ang kasangkapang ito ay ginagamit upang kalkulahin ang makabuluhang pagkakaiba ng mga pagganap sa pre-test at post-test ng mga mag-aaral sa Baitang 10 sa Filipino.

III. MGA RESULTA AT TALAKAYAN

Table I
Pre-Test Performance of Grade 10 Learners In Filipino

Score Range	Description	PRETEST CONTROL		PRETEST EXPERIMENTAL	
		Frequency	%	Frequency	%
41-50	Excellent	0	0	0	0
31-40	Very Good	3	10	3	10
21-30	Good	10	33	19	63
11-20	Fair	15	50	8	27
1-10	Poor	2	7	0	0
Total		30	100	30	100
Weighted Mean		21.06	Good	25.77	Good

Ang Talahanayan 1 ay nagpapakita ng resulta ng pre-test performance ng mga mag-aaral sa Filipino sa Baitang 10, kung saan nakasaad ang mga marka ng mga mag-aaral sa dalawang grupo: ang control group at experimental group. Ang bawat grupo ay nahati ayon sa kanilang mga scores sa mga kategorya mula sa "Excellent" hanggang "Poor." Ipinapakita ng talahanayan ang porsyento at frequency ng mga mag-aaral sa bawat kategorya ng pagganap, pati na rin ang weighted mean ng kanilang mga marka.

Sa Talahanayan 1 na ang karamihan ng mga mag-aaral sa control group ay nahulog sa kategoryang "Fair," na may 50% ng mga mag-aaral na nakatanggap ng scores mula 11-20. Samantalang sa experimental group, mas mataas ang porsyento ng mga mag-aaral na nakatanggap ng "Good" na marka (63%). Ipinapakita nito na bago ang interbensyon ng mga estratehiya sa kontekstuwal na pagkatuto, ang experimental group ay nakamit ang mas mataas na marka kumpara sa control group, na nagpapahiwatig na may mga indikasyon ng mas mataas na kasanayan at kaalaman sa Filipino sa mga mag-aaral bago ginamit ang mga bagong pamamaraan sa pagtuturo.

Sa pangkalahatan, ang mga estratehiya sa kontekstuwalisadong pagkatuto ay nagbibigay ng mas maraming pagkakataon para sa mas aktibong pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang paggamit ng kontekstwal na mga paraan sa pagtuturo at mga materyales sa pagkatuto tulad ng mga babasahin, aktibiti na nagbibigay ng interest at aktibong pakikilahok sa mga kontekstwal na pagtuturo sa mga mag-aaral sa mga aralin sa Filipino. Ito ay isang epektibong pamamaraan upang mas mapalawak ang mga kasanayan ng mga mag-aaral, lalo na sa mga asignaturang may kinalaman sa wika at kultura, tulad ng Filipino. Sa paggamit ng kontekstwal ng pagkatuto, tulad ng mga babasahin at mga gawain na nailalapat sa pang-araw-araw na buhay ay naisasakatuparan ang iba't ibang pangangailangan ng mag-aaral na tumutulong sa kanilang mas aktibong partisipasyon sa klase. Sa kabilang banda, ang mga mag-aaral sa control group na gumagamit ng tradisyonal na mga estratehiya sa pagtuturo ay nagpakita ng mas mababang marka, partikular sa categoryang "Fair." Ipinapakita nito na ang mga estratehiya sa kontekstwal na pagkatuto ay may potensyal na magbigay ng mas mataas na antas ng pag-unawa at kasanayan sa mga mag-aaral sa Filipino. Ang paggamit ng mga kontekstwal na materyales at mga mas modernong pamamaraan sa pagtuturo ay may malinaw na epekto sa pagpapabuti ng kanilang akademikong pagganap, na nagpapakita ng mga benepisyo ng isang mas dinamiko at mas interaktibong approach sa pagtuturo.

Ang mga resulta sa Talahanayan 1 ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral na kabilang sa experimental group na gumamit ng mga kontekstwal na estratehiya sa pagkatuto ay nagpakita ng mas mataas na antas ng pagganap sa Filipino kumpara sa mga mag-aaral na nasa control group. Ang makabuluhang pagkakaiba sa mga marka ng mga mag-aaral sa dalawang grupo ay nagpapakita ng positibong epekto ng kontekstwal na pagkatuto. Ipinapakita nito na ang ganitong mga estratehiya ay epektibo sa pagpapabuti ng kasanayan ng mga mag-aaral sa mga mahahalagang aspeto ng wika, tulad ng pagbasa at pagsusuri. Ang mga guro ay maaaring magsagawa ng karagdagang eksperimento at pagsusuri upang higit pang mapag-aralan kung paano pa mapapalawak ang benepisyo ng kontekstwal na estratehiya sa pagtuturo ng Filipino.

Table 2
Post-Test Performance of Grade 10 Learners In Filipino

Score Range	Description	POST-TEST CONTROL		POST-TEST EXPERIMENTAL	
		Frequency	%	Frequency	%
41-50	Excellent	2	7	7	23
31-40	Very Good	11	36	22	74
21-30	Good	14	47	1	3
11-20	Fair	3	10	0	0
1-10	Poor	0	0	0	0
Total		30	100	30	100
Weighted Mean		29.67	Good	37.57	Very Good

Ang Talahanayan 2 ay nagpapakita ng resulta ng post-test performance ng mga mag-aaral sa Filipino sa Baitang 10 pagkatapos ng interbensyon ng mga estratehiya sa kontekstwal na pagkatuto. Ang talahanayan ay naglalaman ng mga frequency at porsyento ng mga mag-aaral na nahulog sa iba't ibang categorya ng mga marka mula sa "Excellent" hanggang "Poor" para sa dalawang grupo: ang control group at experimental group. Ipinapakita rin ang weighted mean ng mga marka sa bawat grupo upang makita ang kabuuang pagganap ng mga mag-aaral.

Sa kabuuan, makikita sa Talahanayan 2 na may malaking pagbabago sa mga resulta ng post-test ng mga mag-aaral sa experimental group na gumamit ng kontekstwal na estratehiya kumpara sa control group. Sa control group, ang karamihan ng mga mag-aaral ay nahulog pa rin sa categoryang "Good" at "Very Good," na may 47% at 36%, ayon sa pagkakabanggit. Samantalang sa experimental group, mayroong mas malaking porsyento ng mga mag-aaral na nakatanggap ng "Very Good" at "Excellent" na marka, na may 74% at 23%, na nagpapakita ng mas mataas na antas ng pagganap. Ito ay isang indikasyon ng tagumpay ng kontekstwal na estratehiya sa pagpapabuti ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ang mga estratehiya sa kontekstwal na pagkatuto ay nakatutok sa paggamit ng iba't ibang pamamaraan ng pagtuturo na makikinabang ang mga mag-aaral. Halimbawa, ang paggamit ng mga visual aids, mga audio-visual materials, at interactive na aktibidad na kontekstwal ay tumutulong sa mga mag-aaral na mas madali nilang maunawaan ang mga aralin sa Filipino. Ang paggamit ng kontekstwal na gawain at pagtuturo ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na ma-engage sa mga aktibidad na hindi lamang nakasentro sa mga visual o pagsasalita kundi pati na rin sa pakikinig at aktibong paglahok. Sa pamamagitan nito, mas napapalawak ang kanilang pang-unawa at interes sa mga aralin, at ang mga mag-aaral ay nagiging mas mahusay sa mga kasanayang pang-wika, tulad ng pagbabasa,

Ang resulta sa Talahanayan 2 ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral na gumamit ng mga kontekstwal na estratehiya sa pagkatuto ay nagpakita ng makabuluhang pagtaas sa kanilang pagganap sa Filipino mula sa pre-test patungo sa post-test. Ang mga mag-aaral sa experimental group ay nakamit ang mas mataas na marka sa post-test kumpara sa control group, na nagpapakita ng positibong epekto ng kontekstwal na mga estratehiya sa kanilang akademikong pagganap. Ang makabuluhang pagtaas sa marka ng mga mag-aaral sa experimental group ay nagpapakita na ang mga estratehiya sa kontekstwal na pagkatuto ay isang epektibong pamamaraan upang mapabuti ang pag-unawa, pagpapahayag, at kasanayan ng mga mag-aaral sa Filipino. Ipinapakita nito ang kahalagahan ng pagtuturo ng mga makabago at iba't ibang pamamaraan upang maging mas matagumpay ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.

Table 3

Test of Difference Between in the Pre-test and the Post-test Scores of the Control and Experimental Groups

Aspects	Test Scores		Computed T	Critical T	Decision	Interpretation
Control	Pre	21.06	1.544	0.821	Reject H_0	Significant
	Post	29.67				
Experimental	Pre	25.77	1.839	0.821	Reject H_0	Significant
	Post	37.57				

Ang Talahanayan 3 ay nagpapakita ng pagsusuri sa pagkakaiba ng mga marka ng pre-test at post-test ng mga mag-aaral mula sa control group at experimental group sa Filipino 10. Ang talahanayan ay naglalaman ng mga computed at critical t-values, pati na rin ang desisyon at interpretasyon ng mga resulta. Ang layunin ng pagsusuring ito ay upang malaman kung may makabuluhang pagbabago sa mga marka ng mga mag-aaral sa pre-test at post-test pagkatapos gamitin ang mga estratehiya sa kontekstwal na pagkatuto, kung saan ang control group ay hindi gumamit ng mga kontekstwal na pamamaraan, at ang experimental group naman ay gumamit ng mga ganitong estratehiya sa pagtuturo.

Batay sa Talahanayan 3, makikita na ang parehong control group at experimental group ay may makabuluhang pagkakaiba sa kanilang mga marka mula sa pre-test hanggang sa post-test. Ang control group ay nagpakita ng pagtaas mula sa pre-test score na 21.06 (Good) patungo sa post-test score na 29.67 (Good), habang ang experimental group ay nagkaroon ng mas malaking pagtaas mula sa pre-test score na 25.77 (Good) patungo sa post-test score na 37.57 (Very Good). Sa parehong kaso, tinanggihan ang null hypothesis (H_0) at tinukoy na ang pagkakaiba sa mga pre-test at post-test scores ay makabuluhan. Ang resulta ay nagpapakita ng positibong epekto ng kontekstwal na pagkatuto sa pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino, lalo na sa experimental group.

Ang mga estratehiya sa kontekstwal na pagkatuto ay nakatutok sa paggamit ng iba't ibang pamamaraan at kagamitan upang mapabuti ang karanasan sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Kasama dito ang paggamit ng mga visual aids, mga audio-visual materials na may kaugnayang kontekstwal, babasahin at mga aktibidad na tumutok sa aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral na magagamit sa pang-araw-araw na pamumuhay. Sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa Filipino 10, napansin na ang ganitong mga estratehiya ay may positibong epekto sa pag-unawa, paggalang sa wika, at paggamit ng Filipino sa iba't ibang sitwasyon. Sa experimental group, nakatulong ang kontekstwal na pamamaraan upang mas mapagting ang kasanayan sa pagbasa, pagsusuri, at komunikasyon ng mga mag-aaral sa Filipino, na nakapagbigay ng makabuluhang pagbabago sa kanilang mga resulta mula sa pre-test hanggang sa post-test. Sa kabilang banda, kahit na

nagpakita rin ng mga positibong pagbabago ang control group, ang epekto ng kontekstwal na estratehiya sa experimental group ay mas maliwanag. Ipinapakita nito na ang paggamit ng kontekstwalisadong pamamaraan sa pagtuturo ay mas epektibo sa pagpapabuti ng kasanayan ng mga mag-aaral sa Filipino kumpara sa mga tradisyonal na pamamaraan. Ang mga estratehiyang ito ay nagbibigay ng mas maraming oportunidad para sa mga mag-aaral na mag-engage sa mga aktibidad na may kaugnayan sa aralin, na nagpapataas ng kanilang interes at pang-unawa sa Filipino.

Ang resulta sa Talahanayan 3 ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral na gumagamit ng mga kontekstwal na estratehiya sa pagkatuto ay nakamit ang makabuluhang pagtaas sa kanilang mga marka mula sa pre-test patungo sa post-test. Sa kabila ng parehong pagtaas sa control group, ang experimental group ay nagpakita ng mas mataas na antas ng pagpapabuti, na nagpapakita ng positibong epekto ng mga kontekstwal na estratehiya sa kanilang akademikong pagganap. Ito ay nagpapakita ng kahalagahan ng paggamit ng mga modernong pamamaraan ng pagtuturo, tulad ng paggamit ng kontekstwal na pagkatuto, upang mapabuti ang pagganap ng mga mag-aaral sa mga asignaturang tulad ng Filipino. Ang mga guro at tagapagturo ng Filipino ay maaaring magpatuloy sa paggamit ng mga estratehiya sa kontekstwal na pagkatuto upang mapabuti ang kasanayan ng kanilang mga mag-aaral at mas mapalawak ang kanilang kaalaman at interes sa wika.

Table 4
Test Of Difference Between in The Post-Test Scores of The Control and Experimental Groups

Aspects	Test Scores		Computed T	Critical T	Decision	Interpretation
Control	Post	29.67	1.214	0.921	Reject H _o	Significant
Experimental	Post	37.57				

Ang Talahanayan 4 ay nagpapakita ng pagsusuri sa pagkakaiba ng mga post-test scores ng mga mag-aaral mula sa control group at experimental group sa Filipino. Ang talahanayan ay naglalaman ng mga computed at critical t-values, pati na rin ang desisyon at interpretasyon ng mga resulta. Ang layunin ng pagsusuring ito ay upang tuklasin kung may makabuluhang pagbabago sa mga marka ng mga mag-aaral pagkatapos gamitin ang mga estratehiya sa kontekstwal na pagkatuto sa experimental group, at kung ang mga mag-aaral sa control group na sumusunod sa tradisyonal na mga pamamaraan ng pagtuturo ay nakaranas ng pareho o hindi pagkakaibang pagbabago sa kanilang mga marka.

Sa pagsusuri ng post-test scores, makikita na ang experimental group na gumamit ng mga kontekstwal na estratehiya ay nagkaroon ng mataas na pagtaas sa kanilang post-test scores mula sa pre-test na may markang 25.77 (Good) patungo sa post-test na may markang 37.57 (Very Good). Sa kabilang banda, ang control group, na gumamit ng mga tradisyonal na estratehiya sa pagtuturo, ay nagkaroon ng pagtaas mula sa pre-test na may markang 21.06 (Good) patungo sa post-test na may markang 29.67 (Good). Ang resulta ng pagsusuri gamit ang t-value ay nagpakita ng makabuluhang pagkakaiba sa mga post-test scores ng dalawang grupo, kung saan tinanggihan ang null hypothesis (H_o), na nagpapakita ng epekto ng kontekstwal na pagkatuto sa mga mag-aaral sa Filipino 10.

Ang kontekstwal na pagkatuto ay isang estratehiya sa pagtuturo na gumagamit ng iba't ibang pamamaraan tulad ng iba't ibang uri ng babasahin at aktibi upang mapalawak ang karanasan ng mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto at magbigay ng makabuluhang pagkatuto hindi lamang sa wika ta panitikan kundi pati na rin sa pagsasabuhay at paglapat ng mga natutuhang karununganang asal, kultura, lokal na karanasan sa pang-araw-araw na buhay. Sa pagtuturo ng Filipino, ang mga estratehiyang ito ay nagpapahintulot sa mga mag-aaral na matutuhan ang mga konsepto sa iba't ibang paraan, na mas nakatutok sa kanilang mga natatanging estilo ng pagkatuto. Ang mga kontekstwal na pamamaraan ay nagbibigay ng mga materyales at aktibidad na tumutok sa aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral, na tumutulong sa kanilang mas malalim na pag-unawa at aplikasyon ng Filipino. Halimbawa, ang paggamit ng mga video, larawan, at audio recordings na konektado sa kontekstwalisadong pamamaraang pagtuturo nagpapa-enhance sa kanilang kakayahan sa wika, pati na rin ang mga aktibidad na nagpo-promote ng kolaborasyon at diskusyon.

Sa experimental group, ang paggamit ng mga kontekstwal na estratehiya ay nagbigay ng makabuluhang pagbabago sa kanilang pagganap sa Filipino. Ang mga mag-aaral na gumamit ng kontekstwal na mga kagamitan at estratehiya ay nagkaroon ng mas mataas na pagpapabuti sa kanilang kasanayan sa Filipino kumpara sa mga mag-aaral sa control group. Ito ay nagpapakita ng epektibong kontekstwal na pagtuturo sa pagpapataas ng antas ng pag-unawa, at sa pagpapalawak ng mga kasanayan sa pagsasalita, pagsusulat, at pag-unawa sa mga aralin sa Filipino. Ang paggamit ng mga ganitong pamamaraan ay nakakatulong din sa mga mag-aaral na maging mas interesado at motivated sa kanilang mga pag-aaral sa Filipino.

Ang resulta sa Talahanayan 4 ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral na gumamit ng mga kontekstwal na estratehiya sa Filipino ay nakamit ang makabuluhang pagtaas sa kanilang mga post-test scores kumpara sa mga mag-aaral na sumunod sa tradisyonal na mga pamamaraan ng pagtuturo. Ang mga mag-aaral sa experimental group ay nagpakita ng mas mataas na pagganap sa Filipino, na nagpapakita ng positibong epekto ng paggamit ng kontekstwal na pagkatuto sa kanilang akademikong pagganap. Ito ay nagpapakita na ang paggamit ng mga kontekstwal sa pagtuturo ay mas epektibo sa pagpapabuti ng kasanayan ng mga mag-aaral sa Filipino, at maaaring maging isang susi sa pagpapataas ng kanilang interes at motibasyon sa pag-aaral ng wika.

IV. CONCLUSION

Batay sa mga resulta ng pag-aaral na ito, ang paggamit ng mga kontekstwal na estratehiya sa pagtuturo ng Filipino ay napatunayang epektibo sa pagpapataas ng pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 10. Ang mga mag-aaral na sumailalim sa eksperimento gamit ang kontekstwal na pagtuturo ay nagpakita ng mas mataas na antas ng pag-unawa at pagpapabuti sa kanilang mga kasanayan sa wika kumpara sa mga mag-aaral na gumamit ng tradisyonal na pamamaraan ng pagtuturo. Ang mga resulta ng pagsusuri ay nagpapatunay na ang paggamit ng kontekstwal na pagtuturo at kagamitan, na kinabibilangan ng mga iba't ibang uri ng babasahin at aktibiti kauganay sa kontekstwal na pagtuturo, ay nakakatulong sa mga mag-aaral na maging mas interesado at motivated sa kanilang pag-aaral ng Filipino. Ito ay nagpapakita ng malaking potensyal ng mga estratehiyang ito na magbigay ng mas malalim na pag-unawa at pagpapalawak ng kanilang kaalaman sa Filipino, at maaaring magsilbing gabay sa mga susunod pang hakbang sa pagpapabuti ng kalidad ng edukasyon sa asignaturang ito.

V. RECOMMENDATIONS

1. Ang plano ng pagpapabuti ay dapat ipatupad nang may estratehikong pag-iisip.
2. Inirerekomenda na yakapin ng mga guro ang kontekstwal na estratehiya sa pagtuturo upang matugunan ang iba't ibang estilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang paggamit ng mga kagamitang panturo na may kaugnayan sa pagtuturo ng kontekstwal na pamamaraan ay makakatulong sa pagpapalawak ng kanilang pag-unawa sa mga aralin sa Filipino katulad ng mga babasahin, mga aktibiti na makakatulong sa mga mag-aaral matamasa ang epektibong pagtuturo hindi lamang sa konseptong pampanitikan at wika kundi pati rin sa mga kultura, paniniwala at aral na magagamit sa pang-araw-araw na buhay.
3. Mahalaga na ang mga punong-guro ay magbigay ng suporta sa mga guro sa pagpapatupad ng kontekstwal na pagtuturo sa Filipino. Dapat nilang tiyakin ang pagkakaroon ng sapat na mga kagamitan at materyales upang mapadali ang mga kontekstwal na estratehiya sa pagtuturo.
4. Inirerekomenda na ang mga Public School District Supervisor at Education Program Supervisor ay magbahagi ng mga pinakamahusay na gawi at mga epektibong estratehiya sa paggamit ng kontekstwal na pagkatuto sa mga guro sa buong distrito.

5. Mahalaga na magbigay ang mga stakeholder ng suporta, lalo na sa aspeto ng materyales at teknolohiya na magagamit sa pagtuturo ng Filipino. Ang kanilang kontribusyon ay makakatulong upang magtagumpay ang paggamit ng kontekstwal na estratehiya sa pagtuturo.
6. Magpatuloy sa pagsasaliksik tungkol sa epekto ng kontekstwal na mga estratehiya sa pagtuturo ng Filipino. Dapat pagtuunan ng pansin ang mas malalim na pagsusuri sa mga makabagong pamamaraan na mas magiging angkop sa mga mag-aaral sa iba't ibang antas ng kanilang pagkatuto.
7. Mag-focus sa pagpapalalim ng mga pag-aaral ukol sa kontekstwal na pagtuturo at kung paano ito makakatulong sa iba't ibang disiplina, hindi lamang sa Filipino. Mahalagang isama ang mga long-term na epekto ng kontekstwal na mga estratehiya sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral.

ACKNOWLEDGEMENT

Nais ng mananaliksik na ipahayag ang kaniyang taos-pusong pasasalamat sa mga sumusunod na nag-ambag sa tagumpay ng pag-aaral:

Dr. Bryant C. Acar, Chairman, para sa kaniyang pampasigla, walang pagod na pagsisikap sa pagpapabuti ng pag-aaral, at pagbibigay ng mahahalagang mungkahi at puna na nagpatibay sa kalidad ng pananaliksik;

Dr. Elvin H. Wenceslao, ang tagapayo ng pananaliksik ng manunulat para sa kaniyang mahahalagang mungkahi, buong suporta, at pampasigla;

Dr. Jasmine B. Misa at Dr. Annabelle A. Wenceslao, bilang miyembro ng panel ng mga tagasuri para sa pagbibigay ng kanilang mga propesyonal na mungkahi at rekomendasyon para sa pagsasakatuparan ng pag-aaral na ito;

G. Edgar L. Cativo, Superbisor ng Alangalang District III, at G. Vernon M. Barraza Jr., Punong Guro ng Alangalang National High School, para sa pagbibigay ng kanilang pahintulot na isagawa ang mga pag-aaral sa Alangalang National High School, Alangalang, Leyte.

Sa mga respondente, ang mga mag-aaral ng Alangalang National High School, para sa kanilang katapatan at kooperasyon sa pagtapos ng mga kinakailangang datos;

Sa pamilya at mga kaibigan ng mananaliksik, sa walang kondisyong pagmamahal, pag-unawa na nagbigay inspirasyon sa kaniya upang tapusin ang aklat na ito;

Sa Poong Maykapal para sa walang katapusang biyaya, gabay at pagkakataong ibinigay upang maipagpatuloy ang pag-aaral na nagdulot ng propesyonal na pag-unlad.

Sa lahat ng mga nabanggit, ang mananaliksik at taos-pusong nagpapasalamat. Ang pag-aaral na ito ay hindi magiging posible kung wala ang kanilang tulong at suporta.

VI. REFERENCES

- [1] An, S. (2023). The impact of multimodal learning on student motivation. *Journal of Educational Psychology*, 115(4), 621-634. <https://doi.org/10.1037/edu0000763>
- [2] Alonzo, E. (2019). Epekto ng integrasyon ng mga lokal na materyales sa kurikulum sa pagtuturo ng Filipino. [Unpublished master's thesis]. Mindanao State University.

-
- [3] Bautista, R. (2018). Epekto ng mga lokal na materyales sa pagtuturo ng Filipino sa isang pampublikong paaralan sa Leyte. [Unpublished master's thesis]. Leyte State University.
- [4] Benson, M. (2019). Ugnayan ng kontekstwal na pagtuturo at pagganap ng mga estudyante sa Filipino. [Unpublished master's thesis]. University of the Philippines Diliman.
- [5] Carreon, N. (2018). Estratehiya ng mga guro sa paggamit ng lokal na materyales. [Unpublished master's thesis]. San Beda University.
- [6] Martinez, H. (2021). Estratehiya ng mga guro sa paggamit ng mga lokal na kwento sa pagtuturo. [Unpublished master's thesis]. Ateneo de Manila University.
- [7] Mendoza, R. (2021). Papel ng lokal na kwento sa pagkatuto ng mga estudyante sa Filipino. [Unpublished master's thesis]. Philippine Normal University.

AUTHOR'S PROFILE



CHANDER P. CHING

Ang mananaliksik ay isinilang noong ika-19 ng Hulyo, taong 1996, sa Lungsod ng Sta. Ana, Manila, Pilipinas. Siya ay nagtapos ng Bachelor of Secondary Education major in Filipino sa Western Leyte College of Ormoc. Sa kasalukuyan siya ay guro sa isang pampublikong paaralan sa Dibisyon ng Leyte, Alangalang National High School. Siya ay tagapayo at nagtuturo ng asignaturang Filipino sa ika-sampung baitang. Sa halos pitong taong pagtuturo ng Filipino ay nakapagbigay siya ng inspirasyon sa mga mag-aaral at ang kaniyang kasipagan, determinasyon at dedikasyon sa pagtuturo ay nakapag-ambag sa pagpapalaganap ng kaalaman sa mga paksa sa wika, gramatika, at panitikan dahil dito ay kinilala siya bilang isa sa mga Co-Advisers ng Opisyal na Pangkomunidad at Pampaaralang Pamahayagan sa Filipino ng Mataas na Paaralang Pambansa, kung saan siya rin ay naging tagapagsanay sa sa iba't ibang larangang pandyurnalismo na nagbigay daan upang maibahagi ang kaniyang kaalaman sa larangan ng pahayagan.

Sa ngayon, ay tinatapos niya ang kaniyang Master's degree na Master of Arts in Education major in Filipino sa Western Leyte College of Ormoc. Sa pagtapos ng kaniyang pag-aaral sa master's siya ay naghahangad na mas mapabuti at mas mapaunlad ang kasanayan at kakayahan bilang guro at maibahagi ito sa mga mag-aaral, hindi lang sa kaalaman at paghasa sa limang makrong kasanayan kundi pati na rin sa kanilang pagmamahal at pagpapahalaga sa sariling wika at kultura ng Pilipinas.